Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, NOONG IKA-17 NG ABRIL, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Florencio C. Odejar | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 123-T-2002*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAHILINGAN NI G. DANNY SARMIENTO NA MAKAPAGDAOS NG THREE-COCK DERBY SA IKA-23 AT 24 NG ABRIL, 2002 SA ARGEM SPORTS COLISEUM, BRGY. BUBUKAL, AYON SA PAGSUNOD SA MGA PATAKARAN AT ALITUNTUNIN SA PAGPAPASABONG SA BAYANG ITO.*

*SAPAGKA'T,* iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang kahilingan ni G. Danny Sarmiento na makapagdaos ng three-cock derby sa ika-23 at 24 ng Abril, 2002, sa Argem Sports Coliseum, Brgy. Bubukal ng bayang ito;

*SAPAGKA'T,* matapos na matalakay at malaman na ang bahagi ng kikitain ay iuukol sa darating na kapistahan ng Brgy. Santo Angel Central sa ika-28 ng buwang ito ay irekomenda ng Tagapamuno ng Lupon sa Palaro at Libangan na pagtibayin na ang nasabing kahilingan.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat at Edgardo T. Porca at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN*: Na pagtibayin ang kahilingan ni G. Danny Sarmiento na makapagdaos ng three-cock derby sa ika-23 at 24 ng Abril 2002 sa Argem Sports Coliseum, Brgy. Bubukal, ayon sa pagsunod sa mga patakaran at alituntunin sa pagpapasabong sa bayang ito.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pinuno ng Pulisya, Pambayang Ingat-Yaman at Pinuno sa Lisensya at Permiso, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan